

## MGA KATANUNGAN PARA PAGNILAYAN

### Pangunahing Tanong

Sa pagpapahayag ng Ebanghelyo ang Simbahang naglalakbay ay "sama-samang naglalakbay:" Paano nangyayari ang “sama-samang paglalakbay na ito” ngayon sa iyong Simbahan? Anong mga hakbang ang hinihingi ng Espiritu Santo na gawin natin upang umunlad sa ating “sama-samang paglalakbay”?

#### 01. Mga Kamanlalakbay

- a. Sino ang aking mga kasama sa aking buhay-pananampalataya?
- b. Ano ang antas ng pakikilahok na nararanasan natin sa ating simbahan?
- c. Sino ang mga taong nakadarama ng pag-iwas o ang mga taong pinipiling maiwan sa ating gawain o misyon sa simbahan?
- d. Ano kaya ang mga dahilan kung bakit sila naiwan?

#### 02. Pakikinig

- a. Ano ang mga paraan at daan upang maipahayag ko ang aking opinyon sa simbahan?
- b. Nararamdaman ko ba na ang aking boses o opinyon ay pinakikinggan ng iba sa loob ng Simbahan?
- c. Anong uri ng mga opinyon na sa palagay natin ay pinakikinggan / hindi pinakikinggan sa komunidad?
- d. Gaano karaming pakikipag-ugnayan mayroon ako sa mga taong mula sa ibang bansa at kultura?

#### 03. Pagsasalita

- a. Malaya ko bang naipahahayag ang aking mga alalahanin at pananaw?
- b. Anong uri ng mga alalahanin sa palagay mo ang dapat nating bigyang pansin?

#### 04. Pagdiriwang

- a. Anong mga espirituwal na gawain ang nakikita mong makabuluhan at nakakatulong sa iyong pananampalataya at buhay?
- b. Paano nakakatulong ang mga pagdiriwang ng liturhiya sa iyong pang-araw-araw na buhay at upang mamuhay na nagkakaisa?

#### 05. Pagbabahagi ng responsibilidad para sa ating misyon

- a. Ibinabahagi mo ba ang iyong pananampalataya sa mga tao sa iyong paligid?

- b. Ano ang humahadlang sa iyo upang ibahagi sa iba ang iyong karanasan sa pananampalataya?
- c. Ano ang mga pagkakataon para maging katuwang ka sa misyon ng simbahan?

#### 06. Diyalogo sa simbahan at lipunan

- a. Anong mga antas ng diyalogo ang posible sa mga tao mula sa iba't-ibang bansa, grupo, asosasyon at kultura?
- b. Bilang miyembro ng isang internasyonal na komunidad ng mananampalataya dito sa Gulf, paano nadaragdagan ang paggalang mo sa mga tao mula sa ibang kultura at bansa?
- c. Ano pa ang maaaring mapabuti?

#### 07. Ekumenismo

- a. Anong mga pagkakataon ang mayroon ka para sa pagpapaunlad ng relasyon sa mga Kristiyanong hindi Katoliko mula sa ibang mga denominasyon?
- b. Ano sa palagay mo ang mga paraan kung saan ang pakikipag-ugnayan at suporta sa isa't-isa ay maaaring mapahusay (sa pagitan ng mga Katoliko at iba pang mga Kristiyano)?

#### 08. Awtoridad at Pakikilahok

- a. Binibigyan ka ba ng kapangyarihan (pananagutan) ng simbahan bilang isang layko sa iba't-ibang responsibilidad sa Simbahan?
- b. Ano ang antas ng pakikilahok ng mga layko sa gawain ng Simbahan?
- c. Anong mga hakbang ang iminumungkahi mo upang mapabuti ang pakikipagtulungan sa pagitan ng awtoridad at ng mga karaniwang tao?

#### 09. Pagkilala at Pagpapasya

- a. Mayroon bang proseso ng pagkonsulta sa mga programa ng simbahan?
- b. Ano ang iyong maimumungkahi upang mapabuti ang prosesong ito?

#### 10. Pagbuo ng ating sarili sa Synodality

- a. Sa iyong palagay, paano mo nakikita ang simbahan ng hinaharap? Ano ang iyong mga mungkahi?